**UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ARALING PANLIPUNAN 8**

*(Kasaysayan ng Daigdig)*

*Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.*

1. Ang pangunahing paksa na pinag-aaralan sa Araling Panlipunan 8
   a. Araling Asyano
   b. Mga Saksi ng Kasaysayan
   c. Kasaysayan ng Daigdig
   d. Pambansang Ekonomiya

2. Tumutukoy ito sa komprehensibong pag-aaral ng katangiang pisikal ng daigdig.
   a. Kasaysayan
   b. Heograpiya
   c. Sikolohiya
   d. Ekonomiks

3. Alin sa isa sa limang tema ng heograpiya na tumutukoy sa bahagi ng daigdig na may magkakatulad na katangiang pisikal o cultural?
   a. Lokasyon
   b. Lugar
   c. Paggalaw
   d. Rehiyon

4. Alin sa sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa konsepto ng lugar bilang isa sa tema ng pag-aaral ng heograpiya?
   a. Ang Germany ay miyembro ng European Union
   b. Malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas ang mga Kristyano
   c. Ang Singapore ay isa sa mga bansang dinarayo ng mga dayuhang mamumuhunan
   d. Matatagpuan ang Pilipinas sa kanluran ng Pacific Ocean, timog ng Bashi Channel at silangan ng West Philippine Sea

5. Ang mga sumusunod ay saklaw ng pag-aaral ng heograpiya, maliban sa
   a. Anyong lupa at anyong tubig
   b. Klima at panahon
   c. Likas na yaman
   d. Gawi ng tao

6. Tumutukoy ito sa matigas at mabatong bahagi ng planetang Daigdig.
   a. Crust
   b. Mantle
   c. Core
   d. Pangaea

7. Ang malaking masa ng solidong bato na hindi nananatili sa posisyon. Sa halip, ito ay patuloy na gumagalaw.
   a. Pangaea
   b. Plate
   c. Kontinente
   d. Rehiyon

8. Linyang heograpikal na humahati sa daigdig sa hilaga at timog hemisphere.
   a. Equator
   b. Prime Meridian
   c. International Date Line
   d. Parallels

9. Ang pangkalahatang lawak ng katubigan ng mundo ay 361, 419, 000 kilometro kwadrado o katumbas ng 70.9 % ng saklaw ng surface ng daigdig. Ano ang ipinahihiwatig nito?
   a. Malawak ang katubigan sa mundo
   b. Mas malawak ang saklaw ng katubigan kaysa sa kalupaan.
   c. Malalim ang katubigan ng mundo

Mas malalim ang saklaw ng katubigan kaysa sa kalupaan.

10. Ang pagligid ng daigdig sa araw sa orbit nito ay nagaganap sa loob ng

    365 araw, limang oras, 48 minuto at 46 segundo

    365 araw, pitong oras, 25 minuto at 5 segundo

    365 araw, 18 0ras, 33 minuto at 17 segundo

    365 araw, 21 oras, 11 minuto at 52 segundo

11. Tumutukoy ito sa distansyang angular na nasa pagitan ng dalawang meridian patungo sa kanluran o silangan ng Prime Meridian.
    a. Longitude
    b. Latitude
    c. Grid System
    d. Tropics

12. Ang 180 degrees longitude mula sa Prime Meridian, pakanluran man o pasilangan.
    International Date Line
    Tropic of Cancer
    c. Zero degree longitude
    d. Equator

13. Ang zero degree latitude.
    a. Prime Meridian
    International Date Line
    c. Equator
    d. Tropic of Capricorn

14. Saklaw nito ang mga kapuluan ng Aleutian sa hilagang kanluran hanggang sa Isthmus ng Panama sa katimugang bahagi.
    Hilagang America
    Timog America
    c. Australia
    d. Africa

15. Kabilang ang mga sumusunod sa rehiyong pisikal ng hilagang America, maliban sa.
    a. Canadian Shield
    Great Plains
    c. Carribean Region
    d. Pampas

16. Ang natatanging planeta na may buhay.
    a. Earth
    b. Venus
    c. Mars
    d. Uranus

17. Hango ang heograpiya sa salitang Griyego na "geo" at "graphia", ano ang ibig sabihin ng salitang GEO?
    a. Paglalarawan
    b. Bahay
    c. Daigdig
    d. Pamamahala

18. Ang kalagayan ng atmospera sa isang partikular na lugar sa takdang panahon.
    a. Klima
    b. Temperatura
    c. Panahon
    d. Season

19. Pinakamalaking dibisyon ng kalupaan ng mundo.
    a. Isla
    b. Bansa
    c. Kontinente
    d. Rehiyon

20. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng anyong lupa, maliban sa
    Bundok Everest
    Tangway ng Siam
    c. Baybayin ng Bengal
    d. Talampas ng Tibet

21. Ipinaliliwanag ng teoryang ito na dati ng magkaugnay ang mga kontinente sa isang super kontinente na Pangaea.
    Theory of Evolution
    Quantum Mechanics Theory
    c. Continental Drift Theory
    d. Ice Age Theory

22. Karagatang nakapaligid sa Pangaea
    a. Pasipiko b. Panthalassa c. Atlantiko d. Artiko

23. Alin sa mga sumusunod ang masa ng kalupaang nabuo ng magsimulang naghiwalay ang kalupaan ng Pangaea?
    Terra del Fuego at India c. Laurasia at Gondwana
    Eurasia at Antarctica d. Atlantis at Lemuria

24. Alin sa mga sumusunod ang implikasyon ng pagkakaiba-iba ng klima sa mundo?
    Iba-iba ang pakikiangkop at pamamaraan ng pamumuhay ng tao.
    Iba-iba ang kinagisnang kultura at pananaw sa pamumuhay ng tao sa mundo.
    Iba-iba ang pagtugon ng mga tao sa mga nararanasang kalamidad.
    Iba-iba ang paniniwala at pananampalataya ng mga tao sa mundo.

25. Sa anong kontinente kapansin-pansin ang maraming bilang ng taong naninirahan maging ang kakapalan ng populasyon nito sa bawat kilometro kwadrado.
    a. Africa b. America c. Asia d. Australia

26. Itinuturing na pangalawang pinakamaliit na kontinente ayon sa lawak o laki ng teritoryo.
    a. Asia b. Australia c. Antarctica d. Africa

27. Itinuturing ang mga sumusunod na tangway ng Europe, maliban sa
    a. Kamchatka b. Jutland c. Scandinavia d. Balkan

28. Ang Tambora, Krakatoa at Pelee ay matatagpuan o malapit sa Pacific Ring of Fire. Ang mga ito ay halimbawa ng
a. Bundok b. Bulkan c. Tangway d. Talampas

29. Bahagi ng Antarctica kung saan matatagpuan ang mga bulkan.
Greater Antarctica b. Rosse Ice Shelf c. Ronne Ice Shelf d. Lesser Antarctica

30. Itinuturing na pinakamalalim na bahagi ng karagatang Pasipiko at ang itinuturing na pinakamalalim na bahagi ng mundo.
a. Java Trench b. Eurasia Basin c. Mariana Trench d. Sandwich Trench

31. Tumutukoy sa rehiyon na binubuo ng mga lupain at mga kapuluang nakalatag sa kalagitnaan hanggang sa katimugang bahagi ng karagatang pasipiko.
a. Southern Territories c. Oceania
Terra del Fuego d. Zealandia

32. Mga kapuluang nabuo buhat sa pagsabog ng bulkan sa ilalim ng katubigan ng karagatang Pasipiko kung saan nagkaroon ng mga steep central peaks at kalaunan ay lumitaw sa ibabaw ng katubigan.
Continental Islands c. Low Islands
b. High Islands d. Hinter Lands

33. Tumutukoy ito sa mga pulo ng Australia, New Zealand at New Guinea (Irian Jaya).
Continental Islands c. Coral Islands
Volcanic Islands d. Archipelagic Islands

34. Ang kapuluan ng Micronesia at Polynesia ay halimbawa ng
Volcanic Islands c. Continental Islands
b. Low Islands d. Archipelagic Islands

35. Ang kinikilalang "Tangway ng mga Tangway."
a. Asia b. Antarctica c. Europe d. Oceania

36. Pangkaraniwang pamamaraan ng pagpepetsa kung saan ang tinatayang panahon ay mula 3000 BCE hanggang sa kasalukuyan.
a. Dendrochronology c. Radio Carbon Dating
b. Tree-ring Dating d. Dokumentong Historikal na Batid ang Panahon

37. Pinakamaagang bahagi ng panahon ng bato kung saan unang ginamit ng hominid ang bato.
a. Paleolitiko b. Mesolitiko c. Neolitiko d. Wala sa mga opsyon

38. Kabilang ang mga sumusunod sa mga unang ninuno ng tao na nabuhay sa panahong lower Paleolithic period, maliban sa
a. Australopithecine b. Cro-Magnon c. Homo Habilis d. Homo Erectus

39. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng pamumuhay sa panahon ng Upper Paleolithic Period?
Mas pino ang kasangkapang ginagamit ng tao
Nakadepende sa kalikasan ang ikinabubuhay ng tao
c. Pangkaraniwan ang pagpapalipat-lipat ng tirahan ng mga tao
Lahat ng pahayag



40. Kultura ng paggawa ng mga kagamitang baton a tinapyas.

a. Aurignacian b. Gravettian c. Perigordian d. Magdalenian

41. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa Catal Huyuk bilang isang lipunang neolitiko?
Isang pamayanang sakahan c. Isang lipunang pinansyal
Umiiral ang militarismo d. Ang panahanan ay sa kabundukan

42. Ang mga sumusunod ay mga salik na nagpabago sa gawi, asal at pamumuhay ng tao maliban

Naging mahalaga ang pagkakaroon ng kakayahan na makalikha ng mga kasangkapan
Ang paggamit ng apoy ay nakapagpabago sa pamumuhay ng mga prehistorikong tao
Ang gamit ng wika sa pagpasa ng kaalaman sa iba pang mga tao
d. Pag-unlad ng kalakalan sa pagitan ng mga lungsod-estado

43. Kultura ng isang pamayanan ng mga mangingisda at mangangaso ng mga reindeer.
a. Aurignacian b. Gravettian c. Perigordian d. Magdalenian

44. Alin sa mga sumusunod ang pag-unlad na naranasan sa panahon ng Middle Paleolithic Period?

a. Naging espesyalisado ang gawain ng tao na tumutugon sa iba't-ibang pangangailangan
b. Pangunahing pinagmumulan ng pangangailangan ang kalikasan
c. Nabuhay ang mga tao sa pamamagitan ng pangangalap at pangangaso
d. Wala sa nabanggit na mga pahayag

45. Nagmula sa salitang Griyego na "ethnos" na nangangahulugang "mamamayan."

a. Etniko b. Etnolingwistiko c. Etnograpiya d. Etnisidad

46. Ang pangunahing relihiyon sa daigdig na may pinakamaraming bilang ng taong sumasamba ay ang

a. Islam b. Buddhismo c. Kristyanismo d. Atheists

47. Ang lupain sa pagitan ng mga ilog.

a. Mesopotamia b. Persia c. Anatolia d. Arabia

48. Unang sistema ng pagsulat ng mga Sumerian.

a. Heiroglyphics b. Alpabeto c. Cuneiform d. Calligraphy

49. Ang kambal na ilog na pinagsibulan ng unang kabihasnan sa kasaysayan.

a. Tigris at Nile b. Euphrates at Indus c. Huang Ho at Nile d. Tigris at Euphrates

50. Uri ng pamumuhay kung saan ang isang pangkat ng tao ay nagpapalipat-lipat ng panananahanan kung kinakailangan.

a. Barbaro b. Nomadiko c. Semetiko d. Sibilisado

51. Ang bilang ng mga unang lungsod-estado na bumubuo sa kalupaan ng Mesopotamia.

52. Ang mga sumusunod ay palatandaan ng maunlad na pamumuhay sa Sumer, maliban sa

Paggawa ng dam at dike para maiwasan ang malubhang epekto ng pagbaha
Paggawa ng mga tapayan bilang imbakan ng tubig at pagkain
c. Paggawa ng kanal pang-irigasyon para sa mga malalayong sakahan
Paggawa ng mga piramide para sa mga yumaong mahal sa buhay

53. Ang ginamit na panulat ng mga Sumerian

a. Titus b. Stylus c. Reynolds d. Staedler

54. Maunlad na pamayanan kung saan matatagpuan ang kabisera o lungsod na pinaliligiran ng mga lupang sakahan.

a. Pueblo b. Lungsod-estado c. Quinquereme d. Ayuntamiento

55. Tumutukoy ito sa mas maunlad at pinong pamumuhay ng tao na nilinang ng panahon, heograpiya at karanasan.

a. Kamuwangan b. Kalayaan c. Kabihasnan d. Kaunlaran

56. Ang hugis paarkong lupain na nagmumula sa Persian Gulf hanggang sa silangang baybayin ng Mediterranean.

Fertile Crescent b. Persian Empire c. Ziggurat d. Satrapy

57. Pangunahing hayop na ginagamit ng mga Sumerian sa pagsasaka.

a. Bison b. Oxen c. Mammoth d. Donkey

58. Ang Mesopotamia ay tumutukoy sa anong mga bansa sa kasalukuyan.

Syria, Lebanon at Turkey c. Iraq, Syria at Turkey

Iraq, Iran at Syria d. Turkey, Iran at Kuwait



59. Ang nagsisilbing sulatan ng mga Sumerian.

Parchment Scroll b. Clay Tablet c. Oracle Bone d. Papyrus Reed

60. Ano ang mahihinuha sa pagkakaroon ng sistema ng pagsulat ng mga Sumerian?
   a. May mataas na antas ng pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan ang mga Sumerian
   Mayepekto ito sa  maunlad na patakarang pangekonomiya ang mga Sumerian
   May mahalagang papel itong ginagampanan sa pamamahala ng estado
   May kaugnayan ito sa mabuting pagkakalap at pagtatala ng kasaysayan ng Sumer

“Maghandum. Maghimurat. Mangin Madinarag-un.”
*ris_ogeid/ybmozkinp2015*
*(DREAM. STRIVE. SUCCEED)*

“Maghandum. Maghimurat. Mangin Madinarag-un.”
*ris_ogeid/ybmozkinp2015*
*(DREAM. STRIVE.*
*SUCCEED)*